# MARKADO NG TUNGGALIAN: ANG KONSEPTO NG UMUUSBONG NA PANITIKAN SA KATHANG FILIPINO AT ANG UGAT NITO SA POLITIKAL NA PROYEKTO AT KASAYSAYAN NG MGA KILUSANG PAMPANITIKAN

Merdeka D. Morales

**ABSTRAK**

Problematiko para sa maraming kritiko ang pagbibigay-kahulugan sa konsepto ng Umuusbong na Panitikan. Bukod sa kakulangan ng mga pag-aaral at talakayan para linawin ang katangian ng yunit na ito, madalas pa ring isipin sa mga kurso at diskusyong pampanitikan na ang usapin nito'y nakatali lamang sa balangkas ng pormalistang pagtanaw na itinuturing ang paksa bilang isang natural na penomena. Pinalalala pa ang kakapusang ito ng pagsasantabi o pangmamaliit sa mga pagsusuri na naglalantad sa bakas ng kapangyarihan at tunggaliang kinasasangkutan ng bawat produksyong pampanitikang humahamon sa isang tradisyon.

Bagaman nauna nang inilatag ni Elmer Ordoñez noong 1987 ang kahulugan nito bilang panitikan ng naninindigang-uri mula sa kilusang masa sa kalunsuran hanggang sa mga kanayunan, nais talakayin ng pananaliksik na ito ang mga proseso ng kiskisan at kaligirang pinagmumulan ng bawat umuusbong na panitikang masasabing lumikha ng usapan sa nakalipas na dekada hanggang sa kasalukuyan. Mula sa reaksyon ng mga Pilipinong manunulat sa wikang Ingles gaya nina Dean Francis Alfar na nakitunggali sa gahum ng panlipunang realismo sa pagkatha, hanggang sa pagsulpot ng

antolohiyang *Kathang-isip* nina Rolando Tolentino at Rommel Rodriguez, susuriin ang pagtatagisan ng piling akda rito upang maipakita ang isang balangkas na magbibigay-diin sa puntong nakamarka lagi ang ideolohikal at politikal na mga gitgitan sa usapin ng umuusbong na panitikan. Titingnan ang mga produksyong ito batay sa ugnayan nila sa kapangyarihan at saka igigiit ang kontekstong pangkasaysayan na kanilang pinagmumulan. Sa ganitong uri ng pagsipat maaaring higit na mauunawaan ang struktural na karakter at kontradiksyong siyang nagsisilang sa tinatawag na umuusbong na panitikan.

MGA SUSING SALITA: *Umuusbong na Panitikan, Kasaysayang Pampanitikan, Tunggalian, Kritisismo*

Karaniwang masalimuot ang gawain ng pagbibigay-depinisyon sa mga terminong pampanitikan, lalo na kung ang konseptong ipaliliwanag ay parang tumatanggi sa mabilisang pangangahulugan tulad ng "emergent literature." Para sa maraming manunulat, walang iisang kahulugan ang konseptong ito, at maaaring sabihin na kalimita'y nasa proseso ng pakikipagdiyalogo o pakikipagdebate lagi ang susi sa pagpapaliwanag ng ilan sa preliminaryong katangian ng panulat na naiuuri sa ilalim ng kategoryang ito. Kung tutuusin, mas marami pa ngang palaisipan ang naiaanak ng isyu ng pagbibigay-kahulugan dito kaysa sagot na nailalatag kapag napag-uusapan ang paksa sa mga klasrum o kumperensya. At di maitatangging ibinubunga ito ng sari-saring impluwensiya o pagpapahalagang isinusulong ng mga manunulat na maaaring may matagal na ring obserbasyon sa paksa o pagkababad sa pananaliksik. Katulad ng mga terminong "kontemporaneong panitikan" at "speculative fiction," mistulang may bagahe at problematiko rin ang tinatawag na "emergent lit" kung kaya ang isang skeptiko o suspetyoso ukol sa diretsahang pagbibigay-kahulugan dito ay 'di maiwasang magtanong halimbawa ng: "Emergent saan?", "Emergent para kanino?", "Paano 'yan naging

emergent?", "Ano bang pakahulugan mo sa literature?", at marami pang iba. Sa madaling salita, lumulutang sa paksang pinag-uusapan ang pagiging lunan nito ng mga nagkikiskisang opinyon. At bagaman malimit na nakapananaig ang mas makapangyarihan tulad ng akademya bilang legitimizing institution, mapapansin na ang proseso ng konseptuwalisasyon nito ay laging nasa akto ng kontradiksyon ng magkakaiba at magkakasalungat na diskurso na kung minsan pa nga'y humahantong sa antas ng pagiging marahas.

Ganito ang kaso na makikita halimbawa sa "Isang Panayam" ng Philippine Collegian kay Edel Garcellano noong 1994 ukol sa pananaw niya sa tinatawag na emergent literature. Bagaman sinabi niyang ito ang panitikan na mababasa pa mga limang taon mula noon at malinaw na tinukoy ang hinaharap (ang bagong milenyo at digital age ngayon), sa esensya ay mas nagbigay si Garcellano ng pansin sa partikular na paraan ng akademya at ng mga itinuturing niyang reaksyunaryong nakapusisyon dito kung paano nito hinuhubog at binibigyan ng kahulugan ang umuusbong na panitikan.

Sabi ni Garcellano:

> The only emergent genre na dina-drumbeat nila ay 'yung gay literature. I was told that ni-reject 'yung application ni Gelacio (Guillermo) last year to teach emergent lit. This already shows that they have this disposition that gay literature is a radicalizing discourse and emergent literature is a dogmatic one. So alam mo na in terms of exclusion what they mean by literature.
>
> Kaya in due time time darami ang bakla dito (laughs). Hindi lang sexually bakla, which is something you cannot change, but ideologically bakla. Kasi 'yung mga nagtuturo niyan reactionary. 'Yung kanilang diskurso nasa level lang ng sexual indulgence (253).

Pagpapatuloy niya:

> Ang problema ng homosexuality ay social construction at involvement. Of course, marami namang baklang politically correct and are involved. But I'm very weary of the discourse being peddled by some people dito sa campus.[1]

Kasunod nito, ipinahayag din ni Garcellano na ang emergent literature sa UP Diliman ay pinormalisa ni Elmer Ordoñez at binigyang kahulugan bilang *panitikan ng mga nakabababang uri sa lipunan, hindi sumusunod sa (mga) kanon, kinukwestiyon ang kapitalistang reipikasyon at nakikitunggali* (akin ang salin, 253). Sa ganitong balangkas ng pagpapakahulugan nina Ordoñez at Garcellano, makikitang inililinaw agad nila ang malawak na konteksto at mga katangian ng konseptong ito kontra sa malamya at romantikong kaisipan na itinuturing ang paksa bilang inosente o malaya mula sa mga puwersa ng politika at ideolohiya. Ang umuusbong na panitikan, kung susundan ang panimulang depinisyon nila Garcellano at Ordoñez, ay maaaring tingnan bilang isang pagkilos na, kung hindi man tahasang kumokontra ay lumilihis sa mga namamayani at hegemonikong praxis ng bawat establisimyento ng panulatan. Sa pagsulpot nito'y nayayanig ang mga kinahiratihan nating diskurso at agad na napupunang ang mga ito ay hindi na lamang simpleng reproduksyon ng mga naunang teorya at praktikang pampanitikan.

Pinakamalinaw na halimbawa nito ang dalawang naganap na pagkilos ng mga kabataan at aktibistang manunulat noong 1935 at 1971 na tinukoy ni Bienvenido Lumbera sa kaniyang *Ang Bago sa Pagbabago* (1996) bilang mga *pangyayari sa kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas sa siglo 20 na nagdiin sa kamalayan na ang "bago" ay may ginigiba sa mga naunang nilalaman at pamamaraan ng pagsulat* (akin ang diin). Nang makaranas na tanggihan

ang kanilang akda sa mga babasahing popular dahil hindi ito nakaayon sa kinagisnang anyo na tanggap na ng mga mambabasa, nagsama-sama ang kabataang manunulat sa wikang tagalog noong 1935 upang bumuo ng organisasyong Panitikan. Nilayon dito nina Alejandro Abadilla at Clodualdo Del Mundo na ang mga akdang nililikha ng kanilang mga kapanahon ay umayon sa modernistang estetika na itinuturing na palatandaan ng manunulat na nakaugnay sa kanilang panahon. At upang higit na tawagin ang pansin ng mga manunulat at mambabasa sa uri ng pagsusulat na kanilang itinataguyod laban sa matandang panitikan, nagtanghal sila noong 1940 sa Plaza Moriones, Tondo ng pagsusunog sa mga libro na itinuturing nilang basura sapagkat ang mga iyon ay bunga ng komersyalisasyon ng tradisyon (Lumbera, 1996).

Ang ikalawang "pagsusunog" ay ginanap naman noong 1971 sa isang demonstrasyon sa harap ng Pambansang Aklatan sa pangunguna ng mga aktibistang manunulat ng bagong tatag na PAKSA (Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan) para igiit ang pangangailangang pagbuklurin ang mga manunulat at lumikha ng isang matibay na puwersang gagamitin ang kanilang sining hindi na lamang upang labanan ang estetika ng matandang panitikan, kundi upang komprontahin na rin ang mga kaaway ng bansa habang isinusulong ang panitikang tunay na pangmasa at mapagpalaya. Itinaon iyon sa kaarawan ni Balagtas, Abril 2, na siya ring panahon ng taunang pagpaparangal ng Surian ng Wikang Pambansa sa "Makata ng Taon," kung saan piniling gawaran ng pangunahing karangalan ang isang matandang makata na sa nilalaman at pamamaraan ng pagsulat ay malinaw na kinatawan ng panitikang isinusuka na ng mga kabataan–ang panitikang reaksyunaryo, kolonyal at pyudal. Mga kasapi ng PAKSA ang dalawa pa sa nagsitanggap ng plake sa seremonyang ginanap sa Pambansang Aklatan at sinunog rin nila ang mga plakeng ito ng parangal sa inilunsad na demonstrasyon kasama ng isang malaking aklat na inihanda sa pagkakataong iyon bilang pananagisag sa pagtahak sa bagong landas ng panitikan.

Mahalagang banggitin na sa pagitan ng mga "pagsusunog" sa taong 1940 at 1971 ay isinakatuparan rin ng mga kabataang manunulat ng antolohiyang *Mga Agos sa Disyerto* (1964) ang hayagang pagtiwalag at pagsalulungat sa daloy ng amerikanisado, konserbatibo, at komersyal na panulatan noon upang maisulong ang anyo at nilalaman ng panitikan na sumasalungat sa pananaw at pagpapahalaga ng mga manunulat na tapat sa wikang Ingles. Bukod sa paghamon sa pamamarali ng kolonyal at elitistang kalakaran noon ng mga institusyong pampanitikan, itinaguyod at binigyang-dangal ng mga manunulat ng nabanggit na antolohiya ang kakayahan ng wikang Filipino bilang wikang pampanitikan na naghahayag sa karahasan at pagsasamantala sa pamumuhay ng karaniwang Pilipino (Lumbera, 1972). At ang mga pagsisikhay na ito ay malaong sinundan pa ng *Sigwa* sa bungad ng 1970 at grupo ng Katha noong maagang bahagi ng 90s na nag-ambag at lalo pang nagpakita sa kakayahan ng Panitikang Filipino na magpaunlad ng sarili at humulagpos mula sa gahum ng panitikan sa Ingles noong mga panahong iyon – bagaman ang *Sigwa* ay may mga pinalawak rin sa landas na hinawan ng *Agos* pagdating sa usapin ng linyang pampolitika at ganun din malaon ang Katha para naman sa usapin ng estetika.

Sa ganitong pagtitig sa kasaysayan marahil maaaring maunawaan ang panimulang kahulugan ng "umuusbong na panitikan" bilang terminong ginagamit sa pagsusuri, at ang pagsapul sa umiiral na kalakaran sa kultura ng panulatan ng bawat panahon ang susi bago pa malaman kung ano ang masasabing "umuusbong" mula rito. Wala naman gaanong bago sa proposisyong ito subalit magsisilbi itong kasangkapan upang supalpalin ang konserbatibo at pormalistang konseptuwalisasyon na ang umuusbong na panitikan ay "pwede namang panitikan na basta-basta lamang umuusbong" na parang kabute sa tabi-tabi, sapagkat minamaliit nito, kundi man tahasang inaalis, ang impluwensiya ng ideolohiya, tunggalian ng mga uri at bakas ng kapangyarihan sa mga produksyong pampanitikan. At kung wala ang

ganitong uri ng pagbibigay-puwang sa proseso ng ating pag-unawa, maaaring maipagkamaling lahat na lamang ng malilikhang akda sa bawat panahon, kahit na 'yung mga walang saysay at walang naitatanghal na "bago," ay maituturing na "umuusbong." Ang paglitaw ng bago sa panitikan, ayon kay Bienvenido Lumbera, ay hindi natural gaya ng ipinahihiwatig ng talinghaga ng pagsibol ng halaman na madalas gamitin ng mga romantikong komentarista upang tukuyin ang pag-unlad ng panitikan (1996). Ibig nating ipunto rito na lubhang dekontekstuwalisado at hindi diyalektikal ang mga pagsusuri at pagpapahayag na nagsasabing puwede naman itong "basta lang umuusbong" na parang banyagang nakatiwalag sa mga nangyayaring mahalaga sa kanyang paligid. Sapagkat kung ganito ay hindi na natin kailangan ng mga pagsusuri at pananaliksik ukol sa paksa. Hindi malayo ang argumentong iyon sa mga grupong iginigiit ang kaisipang *art for art's sake* na kung tutuusin ay isang posisyong politikal din ukol sa gampanin dapat ng sining.

Sa partikular, maaari ring sipatin ang mga "umuusbong" kaugnay ng mga dominanteng kalakaran sa loob mismo ng bawat anyo ng panulat sapagkat hindi maikakailang umiiral din dito ito ang ugnayan ng kapangyarihan. Halimbawa nito ay nang isulat ni Ricky Lee ang maikling kuwentong "Kabilang Sa Mga NawawalaIa" (1988). Bagaman malinaw ang isyung politikal at komentaryong panlipunan na bitbit ni Ricky Lee sa akdang ito ukol sa nagpapatuloy na penomena ng mga desaparecido at armadong tunggalian sa panahon ni Corazon Aquino, hindi naiwasan ng akda niya ang pagpuna ng ilang kadre sa kultura na nang-uusig kung bakit "tini-trivialize" niya pa raw ang isyu (gamit ang kaluluwa ng desparecidong karakter na hinahanap ang kuwento ng kaniyang pagkawala).[2] Matatandaang halos may gahum ang panlipunang realismo noon sa moda ng pag-aakda ng mga kathang pulitikal sa sirkulo ng mga progresibo, at ang paggamit ng mito o pantastikong anyo ng representasyon para sa isyu ay (impormal na) nahahatulan bilang kasangkapang burgis at kontra sa estetikang materyalista.

Subalit ang mga ganitong eksperimentasyon at transgresyon ni Ricky Lee sa anyo ng pagsusulat ng kuwento ang kalaunang tataluntunin at pauunlarin pa ng mga susunod na henerasyon ng mga progresibong manunulat paglipas ng halos dalawang dekada, kung saan itong pantastikong porma ng panulat na ipinagpapalagay dati ng ibang progresibo bilang kasangkapan at teritoryo ng mga mapang-aping uri ay unti-unting ituturing ngayon bilang isang larangan na posibleng panghimasukan, politisahin at hindi na lamang kara-karang ipapaubaya sa kamay ng kaaway.

Taong 2011, ilalabas nina Rolando Tolentino at Rommel Rodriguez ang antolohiyang *Kathang-isip: Mga Kwentong Fantastiko* at ipakikita nila sa mga akdang tinipon dito ang pagpapailanlang ng mga progresibong manunulat sa hangganan at pamantayan ng pag-aakdang sosyal-realista gamit ang imahinasyon at mga imahinaryo upang salungatin ang agos ng dominanteng pantasya ng naghaharing kaayusan na nagpapatanggap sa mamamayan ng inhustisya at kahirapan. At habang ang mga nakapaloob na kuwento rito ay nagbibigay na ng bagong dimensyon sa nalalaman nating realidad, maoobserbahan pa rin sa mga akda ang malinaw na pagdadala nito ng matatalas na komentaryong panlipunan at politikal na alituntunin ng pakikitunggali para sa mas mabuti at maayos na lipunan. Magandang ihalimbawa rito ang akda ni Soliman Santos na pinamagatang "Pogi" (34-40). Kuwento ito na naglalarawan sa sitwasyon ng mga politikal na pamamaslang sa Central Luzon (mula sa gitna hanggang huling ng bahagi ng dekada 2000), kung saan karanasan ng isang napagpasa-pasahang "motor-na-may-sariling-isip" na naging saksi sa serye ng mga pagpatay ang pokus ng akda. Sa simula pa lamang ay ipinahihiwatig na rito ang ahensya ng motor na si Pogi bilang nilalang na may kamalayan sa kaniyang sarili at ang kaugnayan nito sa paligid. At sa pamamagitan ng paglalagay ng pamilyar na isyu rito sa isang depamilyarisadong karakter, makikita sa naratibo ni Santos ang penomena ng karahasan at maduming trabaho ng ilang ahente ng estado mula sa punto

de bista ng motorsiklong 'di natin aakaling kakabig at magpapasyang huwag na lang manahimik sa isyu ng karahasan at mga paglabag sa karapatang-pantao pagdating sa dulo ng akda (40). Makikita mula rito ang taglay na inobasyon ng politikal na pagkukuwento sa pamamaraan nitong mabigyan ng ibang presentasyon at danas sa mambabasa ang aktwal na operasyon ng malawakang political killings sa bansa sa panahong iyon nila Gloria Macapagal-Arroyo at Jovito Palparan. Inilagay ni Santos sa "katauhan" ng motor ang mga bagay na hindi maisip ng iba sa atin tungkol sa mga isyu at dito lalong mahihinuha ang silbi ng politikal na akdang nasa pantastikong anyo. Dahil tulad ng extrajudicial killings sa panahon ng 'di umanong War on Drugs ni Duterte, kinasanayan na lang ding mabalitaan ng marami ang mga state-sponsored na inhumanidad, pamamaslang at panunupil, kung kaya't itong akdang tulad ng ginawa ni Santos sa karakter ng motor na may politikal na kamalayan at paninindigan ang nagbibigay sa atin ng magandang pagkakataon upang sariwain at muling titigan ang isyu sa imahinatibong paraan.

Babalikan natin mamaya ang *Kathang-isip* dahil kailangan nating banggitin dito na ang tagumpay ng pag-usbong ng ganitong uri ng pag-aakda sa hanay ng mga progresibo sa nakalipas na dekada ay 'di lamang nasusukat sa unti-unting pagdami ng kanilang produksyon at mambabasa ngayon, kundi pati na rin sa impluwensiyang naidulot nito sa mga mas nakatatandang manunulat na may pagtanggi at pagpuna dati sa instrumentalisasyon ng mga elementong pantastiko sa pagkukuwento. Isa na rito si Rogelio Ordoñez (ng *Agos* at *PAKSA*) na 'di lamang kilala bilang masugid na tagapagtaguyod ng realismong panlipunan kundi mahigpit ding kritiko ng mga pantastikong pag-aakda. Sa kaniyang sanaysay na pinamagatang "Tungkulin ng Manunulat" (1987), makikita dati ang hayagang pang-uusig ni Ordoñez sa mga panulat na naihahanay sa mga pantasya at kababalaghan bilang kasinungalingang nagdudulot ng eskapista at atrasadong pag-iisip ng taumbayan. Sabi niya:

Maging sa kasalukuyan, hindi maitatatwang marami pa ring mga obrang iniluwa ng mga vendo machine at naghambalang sa mga bangketa na di umano'y para sa larangan ng sining ang puwedeng ihalo sa darak at ipakain sa mga baboy. Naglulunoy pa rin ang mga ito sa kababalaghan at kabalbalan sa swimming pool ng mga Captain Barbel at Darna at ng mga salamangkero at drakula at aswang, o nagpapakalunod kaya sa masabaw at malibog na pag-iibigan habang sa kabilang banda, nagdudumilat ang malapulmonyang mga sakit ng bayan na hindi na basta-basta magagamot sa pamamagitan ng mga karaniwang tabletas gaya ng decolgen at aspirina. Sa ganitong mga paksang nilalangaw at inuuod sa poso negro ng panitikan, wala kaming masalat ni gahiblang dahilan upang sabihin na ang kinauukulang mga manunulat ay naging matapat na tinig ng budhi ng bayan. Kung tunay ngang tagapaglarawan at tagapagsalita ng kani-kanilang panahon ang mga manunulat–gaya halimbawa nina Marcelo del Pilar at Lopez Jaena at Jose Rizal noong panahon ng pananakop ng kastila, o ng mga Amado V. Hernandez at Lazaro Francisco ng kanila namang panahon–ano, kung gayon, ang dapat namang isatinig ng kasalukuyang henerasyon ng mga manunulat?

Pagpapatuloy niya:

Sa kabila ng mga problemang pangkabuhayan at panlipunan–mulang doble-karang hustisya hanggang palsipikado't kinakalawang na demokrasya–magagawa pa kayang aliwin ng mga manunulat ang sambayanan sa pamamagitan ng pagsasakay sa mga ito sa mga saranggola

> ng pantasiya't kababalaghan upang dalhin sa daigdig ng mga multo at agimat at lunurin pagkatapos sa balon ng mga pangarap? (1-4)

Subalit pagsapit ng taong 2008, ilalathala ni Rogelio Ordoñez ang maikling kuwentong pinamagatang "Ang Mundo sa Paningin ng Isang ...."[3] para maitanghal ang kaniyang akdang nagpapakita nang paglihis sa matitigas na balangkas ng panlipunang realismo – bagaman hindi naman binibitawan ang malinaw at matapat na pagtalakay sa mahahalagang isyu ng kilusang paggawa sa Pilipinas. Tulad ng kuwentong "Pogi" ni Soliman Santos, pantastiko na ring maituturing ang kuwentong ito ni Ordoñez na sinasapul ang paralelismo ng buhay ng isang ari ng lalake at kapalaran ng sahurang manggagawa sa ilalim ng kapitalismo. Sa kathang ito ni Ordoñez na nasa ikatlong panauhan, nilagyan na ng kamalayan at kagila-gilalas na karanasan ang titi ng negosyanteng si Don Miguel, bagaman 'di tulad ng motor na si "Pogi" ni Santos, mapupunang nanatili lang itong ari na nagmumuni-muni at nagtitiis laban sa kaniyang panginoong lagi siyang isinasabak sa pakikipagtalik sa mga kababaihang matatagpuan sa panggabing liwaliwan. Makikita ang halimbawa nito sa sumusunod na bahagi:

> Sa ilang araw na iyon, ikinatuwa niyang laging mainit ang ulo ng kaniyang amo. Waring nakalimutan na nito ang nakaugaliang paghahanap ng kaparehang makakausap at mahihimas man lamang habang pinipilit siyang magalit upang mapagtrabaho kahit panandalian man lamang, kahit alam nitong agad siyang manlalambot at hindi na mapilit sumuka anuman ang gawin sa kaniya ni Don Miguel, murahin man at insultuhin, o pagtawanan man ng kapareha nito. Sa wakas, nasabi niya sa sarili, unti-unti na siyang nakalalaya sa matagal nang pagsasamantala sa kaniyang lakas sa ilang

> dekada nang walang habas na pagtatrabaho, hinuthot iyon nang husto, lalo na nga noong kasiglahan ng kaniyang amo at umaalimpuyong lagi ang dugo sa mga ugat hanggang puson. Noon, bihira nga siyang makapagpahinga, lupaypay na bago sabunin at paliguan, at tuluyang patulugin nang mahimbing habang naglalaro pa sa bilugang mukha ng kaniyang amo ang ligaya't kaluwalhatian. Gayunpaman, naisip niya, ano pa ang halaga ng kaniyang paglaya kung ubos na ang kaniyang lakas?

Sa puntong ito ng kuwento'y maoobserbahan na pinag-isipan lamang ng titing bida ang tungkol sa buhay niyang sinasamantala habang bata pa at malakas, subalit kinagagalitan naman at itinuturing na inutil kapag tumatanda na at humihina gaya ng nangyayari sa mga manggagawa sa isang pabrika ng negosyante. Sa dulo na lamang ng kuwento magninilay ang ari nang barilin at mapuruhan sa ulo ng mga hinihinalang partisano ang mapambusabos na si Don Miguel at saka ito (ang bidang ari) mapapatanong ng: "Malaya na ba ako? Kailan lalaya ang mga kauri ko? Kailan?" na siya ring palaisipan marahil ng proletaryo kung sakaling patay na ang kapitalismo.

Sa ilang pahayag ni Rogelio Ordoñez sa mga impormal na usapan at lektura sa klasrum ukol sa paglikha niya ng akdang ito[4], sinabi niyang nagsawa na rin kasi siya sa paulit-ulit na pag-aakda ng mga kuwentong noon pa nila isinusulat (sa *Agos*) at naisip niya minsan na lumikha naman ng kakaibang karakter. Hindi niya sinabing direkta itong paglihis sa moda ng panlipunang realismo na kanila noong itinataguyod sa Agos at PAKSA subalit mababakas sa imahinatibo niyang akda ang pag-usbong ng dimensyong pantastiko na dating target ng kaniyang kritisismo.

Samantala, habang may pagtingin noon sila Rogelio Ordoñez na may dominasyon ang romansa, pantasya at kababalaghan sa mga produksyong pampanitikan sa buong bansa, ang kabaliktaran naman

nito ang siyang mapapansin at magiging obserbasyon ng mga Pilipinong manunulat sa wikang Ingles na magsisimulang kumilos salungat sa daluyong ng panlipunang realismo noong taong 2005. Pangungunahan ito nina Dean Francis Alfar kasama si Charles Tan at Mia Tijam at tatawagin nila ang kanilang mga akda sa ngalan ng Philippine Speculative Fiction na, ayon kay Alfar ay, "literatura ng pantastiko at mga kathang nagtatanong at sumasagot sa palaisipang "Ano kaya kung?"" (xii, 2012, akin ang salin). Ang kanilang oposisyon sa mardyinalisasyong naidulot ng panlipunang realismo sa mga kathang pantastiko, kababalaghan at iba pang katulad ang magiging gasolina ng kanilang pagsisikap para isulong sa Panitikang Filipino ang pagpuposisyon ng bagong pagtingin at pagpapahalaga sa speculative writing sa bansa.

Ayon kay Alfar:

> While it is true that some Filipino authors, from time to time (or as anthology calls are sounded) write fantasy, horror or science fiction, majority write in the realist mode. Realism, among its many strengths, carries the force of verisimilitude, a sense that what is written about is true. Observations of the human condition are evoked in stories that deal with families and relationships (domestic realism) or in stories set against the greater backdrop of Philippine history or politics (social realism).

Pagpapatuloy niya:

> These stories are powerful because they are perceived (and positioned) as relevant. Fiction that adheres to the truths about Philippine life and daily struggles, big and small, is the dominant mode. This is the kind of writing that we, as

> young writers, readers and students, are taught to admire and emulate. And there is nothing wrong with that. Except that it is assumed that everything else that is not realism is somehow inferior, not literary, not relevant, not important, not crafted, and ultimately not worth reading.[5]

Bagaman walang makapagsasabi na direktang konprontasyon ito ni Alfar sa matagal nang mga naipahayag nila Rogelio Ordoñez, malinaw namang reaksyon ito sa "mardyinalisasyong" naidulot ng akademya at pamamayagpag ng panlipunang realismo sa mga akdang pampanitikan na hindi naiuuri rito. Pagdating ng taong 2013, inilabas ng UP Press ang antolohiyang *The Best of The Philippine Speculative Fiction: 2005-2010* na pinamatnugutan nina Dean Francis at Nikki Alfar na siyang nagtanghal sa marami pang akdang umusbong bilang tugon sa hamon na maipakita ang lawak ng imahinasyon ng mga kuwentistang Filipino 'di lamang para sa mga mambabasang kapwa Filipino kundi maging pati na rin sa mga mambabasa ng buong mundo. Bitbit nila rito ang mga tipo ng kuwentong sinasabi ni Alfar na ibig nating mabasa, nakikita na laging inilalathala sa abroad, subalit bibihira sa Pilipinas.

Bago pa man ito, makikita na rin sa Philippine Speculative Fiction Sampler ang mga tulad ng *The Suguilanon of Epefania's Heartbreak*[6] ni Ian Casocot na nagtampok sa isa sa mga sinaunang kuwentong bayan na mayroon ang Negros. Tungkol ito sa dramatisasyon ng natagpuang pag-ibig ng isang dalagita na kalauna'y nabigo rin sa pagkuha nito sa sinisinta sa kabila ng kakayahan niyang hilingin sa mga diyos na baguhin ang takbo ng kalikasan. Sa unang tingin ay mukha lamang itong isang mababaw na kuwento ng nasawing pag-ibig ng isang dalagita. Subalit kung titingnang maigi ay inihahain ng akda ni Casocot ang dalawang bagay na signipikante sa ating tinatalakay. Una, masisipat sa kaniyang akda ang pagsisikhay na buhayin ang

interes at muling maipakilala ang mga sarili nating mito at kuwentong bayan sa bagong henerasyon ng malawak na mambabasa. Pinatutunayan ng mga tulad nito ang katotohanan na bago pa man bumaha sa ating bansa ang mga kolonyal na kuwentong bayan na hatid ng mga mananakop ay mayroon na tayong masasabing sariling mga naratibo't sariling mga kuwento na maaaring pagyamanin at linangin. Sa muling pagpapasulpot rin nito'y naipapaliwanag sa pamamagitan ng mga kuwento ang uri at porma ng kamalayang mayroon ang mga Pilipino na mahalaga para sa pagsusulong ng pagkakakilanlan ng ating bayan. Konektado ito sa pangalawang bagay na mahalagang nagagawa ng akda ni Casocot. At ito ay ang pagpapalitaw sa mga hindi tradisyunal na katayuan ng ating kababaihan sa lipunan bago pa ito ganap na mapakialamanan ng mga dayuhan. Salungat sa maka-kanluraning at maka-lalakeng konsepto ng tradisyunal na gampanin ng mga kasarian, mapupunang makapangyarihan ang representasyon ng mga kababaihan sa akda ni Casocot lalo na ang bidang si Epefania na aktibo at nagawang impluwensiyahan ang mga elemento ng kalikasan, habang ang lalaking sinisinta niya ay ang nasa posisyon ng kawalang-aktibidad at relatibong kahinaan. Kapansin-pansin ito sa pag-ikot ng kuwento sa mga danas at gawain ng kababaihan tulad ni Tiyay na nanay ng binatilyong kaniyang iniibig, Intan na kaniyang lola sa panig ng ina, at lalo na kay Epefania at sa mga pakikipagsapalaran nito habang ang binatilyong si Bangbangin, na minsan lamang niya nasilayan, ay sa dulo na lamang ng kuwento muling makikita para ideklarang wala siyang nararamdaman para kay Epefania (4).

Sa isang paraan ng pagbasa, maaaring sabihin na hindi naman talaga "emergent literature" ang kuwentong ito ni Casocot. Sapagkat kung ilulugar natin ang kaniyang akda sa espesipikong panahong pinagmumulan nito pagdating ng mga Kastila, "luma" ito. 'Wag na sabihing ganito talaga ang ating mga kuwento noon at kung tutuusin ay isa ito sa balon ng mga pinaniniwalaang katotohanan ng ating mga ninuno. Sa usapin ng estilo

ng pagsusulat ay maaari ring ipagpalagay na wala namang kabaguhan sa kaniyang mga ipinapakita. Subalit kung iuugnay at ihahambing nga ang akda ni Casocot sa mga produksyon at narating ng pag-aakdang naiuuri sa panlipunang realismo ng 70s, 80s, at 90s, tulad ng ipinapahayag at naging sentimyento na rin ni Dean Francis Alfar, malinaw na masasabing "umusbong" nga (uli) ito ngayon mula sa mardyinalisasyon ng mga panulat na naging hegemoniko sa mahabang panahon.

Makikita naman sa akdang "The God Equation"[7] ni Michael A. R. Co ang kuwentong may misteryo at mga mitolohikal na karakter tulad ng anghel at demonyo na nag-aanyong tao para gampanan ang isang tungkuling iniutos sa kanila ng mga nasa kataas-taasang santo. Sa usapin ng nilalaman, malayo na sa mga isyung sektoral na binubutbot ng panlipunang realismo ang ikinukwento ni Co, at makikinitang ang pakay niyang maging mambabasa rito ay hindi ang mga ordinaryong Pilipino, kundi mga ingliserong nasa panggitnang-uri at banyaga sa labas ng ating bansa. Bukod sa mahusay na paggamit ng wikang Ingles at sa ilang okasyo'y salitang Europeo bilang wika ng kaniyang karakter, mapupuna rin ang gilas sa pagpapakita sa proyekto ni Co na pagsamahin ang siyensya, matematika at relihiyon sa pinapaksa ng kaniyang mala-detective rin na akda – bagay na madalang magawa ng mga manunulat na Pilipino sa kasaysayan ng ating panitikan.[8] Kung ito ang pagbabatayan maaaring sabihin na "radikal" ang mga ginagawa ni Co kumpara sa ibang mga kuwentong sosyo-politikal na pamilyar sa atin. Inilalayo na nito ang kuwento sa kasaysayan at tradisyon natin, bagaman sa isang banda rin ay puwedeng usigin si Co na parang wala namang kultura at pagpapahalagang Pilipinong masasalat sa kaniyang akda, kundi ang pagkaalala sa akdang tila katulad ng *Da Vinci Code* (2003) ni Dan Brown. Ito rin ang isa mga obserbasyon ni Anna Felicia Sanchez sa kaniyang *Waiting for Victory: Towards a Philippine Speculative Fiction* (2010) sa isa pang akda ni Co na ang pamagat din mismo ay *Waiting for Victory* (Alfar, 9-21). Ukol

naman ito sa time travelling ng dalawang sundalo pabalik sa kasaysayan ng Pilipinas noong 1521 para patayin ang mga nakaligtas mula sa barko ng Victoria at magkaroon ng pagbabago sa takbo ng hinaharap. Pero dahil sa miskalkulasyon ng kanilang siyentista sa time machine, naipadala itong mga sundalo sa maling araw, mas maaga mula sa inaasahan, at nagresulta iyon sa mga isinugo na abandonahin ang kanilang misyon dahil sa sobrang tagal ng paghihintay. Habang may pagkilala sa pagpupunyagi ni Co na pagsanibin sa kaniyang kuwento ang banyagang time machine at ang makasaysayang panahon ng pagdating ng mga mananakop sa Pilipinas, itinatanong naman ni Sanchez na: *magiging Pilipino pa ba ang akdang ito kung aalisin natin ang petsa at papalitan ang pangalan ng mga lugar? At ano ang signipikasyon ng pagiging gawa sa Tsina ng time machine gayong ang ugnayan ng Pilipino-Kastila-Intsik at iba pang isyu ng kolonisasyon ay magaan lang na natalakay para maipakita ang isang mahinang siyentista?* (47, akin ang salin)

Bagaman may mga argumentasyong ipinupukol kina Alfar ang ilang kritiko tulad ng pagiging problematiko ng pakahulugan nila sa "Philippine Speculative Fiction"[9] at akusasyong importasyon lamang ng banyagang genre sa ating panitikan ang kanilang mga ginagawa at sa esensya ay wala naman aspektong Filipino ang iba sa kanilang akda, gaya ng "The God Equation" at "Waiting for Victory" ni Co, na tila nakatiwalag sa karanasan at kasaysayan ng ating mamamayan, susulpot bilang tugon at interbensyon sa mga kahinaang tulad nito ang antolohiya ng mga progresibong manunulat sa Filipino na una na nating nabanggit kanina, ang *Kathang-isip: Mga Kwentong Fantastiko* (2011) na tinipon nina Rolando Tolentino at Rommel Rodriguez, na maaaring sabihin na nakapagsynthesize sa banggaan ng mga tagapagtaguyod ng panlipunang realismo sa pagkukuwento at mga manunulat ng kathang spekulatibo/fantastiko. Malinaw sa kanilang hangarin na ang konsepto ng kanilang ginawa ay hindi nakahiwalay sa isang posisyong humahamon sa tradisyon, at nagpupunan sa ipinagpapalagay nilang kakulangan mula sa mga

nagawa na sa ating panitikan (5). At sapagkat progresibo ang oryentasyon, isa sa pangunahing isinasaalang-alang sa produksyon at direksyon ng proyektong ito ay ang pagiging maka-Pilipino ng mga akda sa usapin ng hangarin, karanasan, kultura, at kasaysayan.

Ayon sa introduksyon ng mga editor ng antolohiya:

> Sa antolohiyang ito, inilalagay ang fantastiko sa kapaligiran ng realismo, ang nakasanayang pagbasa at pagsulat ng kuwento sa panitikang Filipino. Pinalilitaw ang fantastikong elemento sa dulo ng kuwento, kalakhan ay politikal ang temang pinatatalakay sa mga manunulat dito.
>
> Nais naming lumikha ng isang makabagong tematiko sa kuwentong Filipino, ang fantastiko at ang kuwentong fantastiko. Inaakala naming mahalaga ang kapasidad ng kuwentistang Filipino na makapag-ambag sa higit pang pagpapayaman ng pormang maikling kuwento. Samakatuwid, ang koleksyong ito ay isang interbensyon sa mga kapasidad ng kuwento na pumainlanlang sa higit pang explorasyon ng porma, laman, at substansiya nito. Hindi ito hiwalay sa pag-unlad ng kritisismo sa panitikan (3).

Dagdag pa nila:

> Malinaw sa amin–kahit pa humalaw kami sa lokal at dayuhang katha–na ang aming interbensyon sa kathang Filipino ay isang imbensyon, ang pagpapausbong ng potensyal ng kuwentong fantastiko na may politikal na panuntunan (5).

Ang politikal na programa rito na sinasabi ng mga editor ng *Kathang-isip* ang isa sa pinakamagbibigay-linaw sa pagkakaiba ng kanilang antolohiya sa nagawa ng grupo nina Alfar, kung saan ang ideya ng fantastiko ay 'di na lamang simpleng usapin ng pagkamasining, kosmetiko sa akda, at mayamang imahinasyon ng malikhaing manunulat upang makapagpakitang-gilas o makapagbigay-aliw sa mga mambabasa. Ginagamit na rin ang fantastiko rito bilang ahensya ng pampanitikan at panlipunang transgresyon upang makapagposiyon ng malinaw na tindig sa mahalagang isyu ng kasalukuyang buhay panlipunan ng mga Pilipino.

Bukod sa akdang "Pogi" ni Soliman Santos na binanggit natin kanina, ang kuwentong pinamagatang "Istakan" (47-53) ni Maricristh Magaling ay mainam ring halimbawa ng akdang fantastiko na may kritikal na pagpaksa sa mga struktural na isyu ng lipunan, at may pagtutuon sa miserableng kundisyon ng kontraktuwal, di-makatao, at di-patas na paggawa na umiiral sa ating bansa. Itinanghal ni Magaling dito ang kapangahasan ng manggagawang si Marcial na humarap sa takot upang gapiin ang puwersang nagdudulot sa kanila ng malawakang pangamba hinggil sa malaking makina ng pabrika na di umano'y may espiritu na (matagal nang) nangangain at pumuputol sa daliri at kamay ng mga kasamahan niyang trabahador. Sa daloy ng kuwento ay busabos ang mga manggagawa sa pabrika ng papel ng kapitalistang si Mr. Grynkewich, at ang kumakalat na paniniwala sa superstisyon ukol sa makinang may kaluluwa na bumibiktima sa mga trabahador ay mabisang nakakasangkapan ng may-ari upang ipatanggap sa mga ito ang kakarampot na suweldo at pikit-matang yakapin ang matagal ng mga pang-aabuso. Subalit ang naging kritikal na aksyon ni Marcial sa huling bahagi ng kuwento, kung saan buong-lakas na nilusob niya at binuhusan ng nakalulusaw na kemikal ang "espiritu" na nakita niya sa misteryosong istakan na pumapalahaw minsan isang gabi habang mag-isa siyang nagtatrabaho, ang magpapakita kung paano posibleng gamitin ng mga proletaryo ang mismong

instrumento ng pagsasamantalang ideolohikal at ekonomiko sa kanila para labanan at paikutin ang mga mapang-abuso. Sa pagwawakas ng akda'y masusumpungan lalo ang lohikang ito nang bigla na lang ring mawawala si Mr. Grynkewich matapos ang insidente ng gabi nang pagkumpronta ni Marcial sa "masamang espiritu" ng makina na nagpapahiwatig na ito mismo at ang kapitalistang mapagsamantala ay iisa. Narito ngayon higit na makikita ang mahusay na kongklusyon ng akda sa kung papaano ipinatikim ng palabang proletaryo sa uring mapagsamantala ang lasa ng sarili nilang gamot:

> Matapos ang ilang araw, idineliber ang rolyo-rolyong newsprint sa *Philippine Times*. Walang nakakaalam na kahalo na ng newsprint ang masamang espiritu maliban kay Marcial. Isinubo sa mga makina ang mga papel. Nagsimula ang pag-imprenta ng mga balita sa araw na iyon. Sa headlines, sinabi ng pangulo ng bansa na magagalit daw ang mundo kapag nagkaroon pa ng isang EDSA People Power. Sa isang balita, sinabing itinutulak ng mga negosyante ang moratorium sa umento sa sahod kahit pa krisis ang kabuhayan ng mga manggagawa. Patuloy naman ang pagbaba ng presyo ng diesel sabi ng mga kumpanya ng langis pero itinataas naman nila ang presyo ng gasolina. Sa CALABARZON, aabot sa 40, 000 ang mawawalan ng trabaho sa unang hati ng taon dahil sa krisis. Sa pinakaloob na hati ng broadsheet, malaki ang titik ng anunisyo sa patuloy na paghahanap sa nawawalang si Mr. Grynkewich (52-53).

Ganito na ang uri ng mga pagkukuwento sa antolohiyang *Kathang-isip*, kung saan matagumpay nang naipagtatagpo ng malilikhaing manunulat sa kanilang akda ang mayamang imahinasyon at ang penomena ng mga sosyo-

politikal/historikal na suliranin ng ating bansa. Lampas na ito sa mga nagawa nila Alfar na bahagyang umiiwas, kundi man kinakapos, sa pagpaksa sa mas makabuluhang isyu ng buhay-panlipunan at kasaysayan ng mga Pilipino, sapagkat ang "pag-usbong" nila'y nagmumula lamang sa reaksyon laban sa ipinagpapalagay na pananaig ng panlipunang realismo, at maaring sabihing markado rin iyon ng interes ng kinabibilangan nilang uri–ang panggitnang uri na may pagkiling din sa wikang Ingles. Ngunit bukod sa mga manunulat ng *Kathang-isip*, makikita na rin ngayon sa pinakahuling produksyon ng mga mas nakababatang progresibong manunulat ang pagsulong na nagawa nila sa pagsisikap na linangin pa ang anyo, nilalaman, at nilalayon ng pagsusulat ng kuwento sa Filipino. At tulad din ng mga sinundan nila, nagmumula ang kanilang mga proyekto sa pag-unawang may mga kakulangan o hindi pa nagagawa itong mga nauna sa kanila. Halimbawa ay ang akdang "Mga Abstrak na Parangal" (2015) ni A. Regalado Acuña at "Aklat Ng Mga Naiwan" (2018) ni A. A. Mendoza III na pawang nagraradikalisa na sa porma at substansiya ng pagkatha sa Filipino. Batid nilang kakaunti ang mga gumagawa ng akdang tumatanggi sa nakagawiang kategorisasyon at pagpapangalan kaya ito ang isa sa kanilang pinagsikapang pag-isipan. Habang ang isa'y nilalampasan na ang kumbensyon ng maikling kuwento bilang anyo, ang isa nama'y hinihigitan na ang naratibo ng isang tradisyunal na nobela bilang katha.

Malayong hinaharap na sa taong 2117 ang ipinapakita ni Acuña sa kaniyang "Mga Abstrak ng Parangal" kung saan ang katawa-tawang kumperensyang inihahanda ng mga akademiko (na makikita sa usapan nila sa email) ay ganap nang kinokopong ng mga kaapo-apuhan nang kasalukuyang pasista, diktador, at reaksyonaryo. Hindi madaling sabihing maikling kuwento lang itong akda ni Acuña, at mahirap ding bansagan agad bilang futuristiko o distopiko lamang ang genre. Sapagkat ang naratibo niya ay nasa anyo ng komunikasyon ng mga tao sa email at nakatuon ito sa pagpipresenta nina Dr. Sally Salazar at Prof. Adarna Almario ng programa

at mga abstrak para sa ihinahandang mga papel sa isang kumperensyang magbibigay-pugay sa legasiya ni Marcos. Dito sa akda ni Acuña'y wala na ang sentral na tauhang magbibitbit ng karanasan at lulutas sa problema, bagaman malinaw ang pulitikal na interes at kinabibilangang uring panlipunan ng mga nasa usapan sa email. Wala ring maigting na tunggaliang hahantong sa isang climax at kung anu-ano pang mga elemento sa tradisyunal na paggawa ng maikling kuwento, bagaman hindi ito nangangahulugang walang pagtutol na isinasakatuparan si Acuña sa tila kwento ng ganap na pangingibabaw ng mga reaksyonaryo sa isang gawaing akademiko. Nakapahayag ito sa dulong bahagi ng akda kung saan may mensahe si Prop. Adarna Almario para kay Prop. Maco na pinamagatang "Hinggil sa Etsa-pwerang mga Abstrak." At narito ang kopya ng naturang abstrak na ipinagpapalagay nilang kailangan ng espesyal na atensyon dahil sa posibleng banta nito sa seguridad ng kanilang kumperensya at mga panauhin tulad ni Juan Ponce Enrile na buhay pa pala sa panahong iyon:

> Ang Delusyon ng Mananampalataya ng Apo
>
> Layunin ng Pananaliksik at panghabambuhay na panata ng mga bumubuo sa papel na ito na igiit sa sentro (o kapital o lungsod) ang katotohanang dito lang, sa inyo lang, dakila at pinararangalan ang angkan ng mga halimaw. Kayo-kayo lang ang naniniwala sa pinagsasabi ninyo. Hindi relasyong magkaibigan ang ugnayan ng mga tulad ng Apo sa Amerika, kundi relasyong alipin sa amo. Bilang masikhay na mananaliksik, titiyakin ng papel na ito na makakalap ang datos ng bilang ninyong mga alagad ng Apo, upang humantong sa bilang ng inyong mga araw sa lupang ibabaw (70-71).

Anu't anoman ang masasabi sa eksperimentasyong ginawa sa porma at substansya ng akda, malinaw na pantasya ng mga kaaway sa uri ang kinukutya rito ni Acuña na makikinita-kinita natin ngayon sa ilang praktis ng mga akademikong itinuring niyang reaksyonaryo at tagapagtanggol ng pasismo. Sa akdang ito'y kinekengkoy niya ang mga "seryoso," at inilalantad ang katawa-tawang tunguhin ng isang akademikong pumapanig at nananampalataya sa mga mapagsamantala.

Ang nobelang *Aklat Ng Mga Naiwan* naman ni Mendoza III ay parang tumutunaw na sa matatayog na dibisyon sa pagitan ng piksyon at kritisimong pampanitikan. May nobela (ang diktador/manunulat na si Felix Canelo) sa loob ng nobela (ni Mendoza III) na may mga seryosong kritisismo sa establisimyento at kalakaran ng panulatang Filipino. Tungkol ito sa isang manunulat na naging diktador–na pinag-eksperimentuhan ang kasaysayan at lipunan para sa proyekto niyang nobela na tatapos sa lahat ng mga nobela. Naglaho ang manunulat/diktador na ito pagkaraang danasin ng kaniyang rehimen ang krisis sa pulitika, at nag-iwan ng manuskrito sa isang manunulat na sisikaping tapusin ang naumpisahan ng diktador. Para magawa ito'y tatangkain ng nagpag-iwanang manunulat na hanapin ang iba pang mga tauhan ng diktador na sangkot sa pagsasakatuparan ng nabinbing proyekto–ang "nobela."

Sa pagsusulat ni Mendoza, maoobserbahang ibig na niyang higitan pa rito ang anyo ng isang nobela bilang sining na sinasaklaw ang pamimilosopiya ukol sa ugnayan ng panitikan at karahasan, kasaysayan at distorsyon dito. Teoretikal na ang banat ng bawat pagsasalaysay ng maraming karakter dito ukol sa maraming bagay, tulad ng sining, kasaysayan, panitikan, anarkismo, rebolusyon, reaksyon, at iba pa. Mula rito ay masasabing hindi na rin ito basta simpleng kuwento na nakasanayan nating basahin, sapagkat ginigiba na nito sa pamamagitan ng mga digresyon ang mga nakamulatan nating operasyon sa pagtingin sa isang nobela. Pansamantalang umaalis ang

mga salaysay sa pangunahing paksa ng akda. Kongkretong makikita ito sa estilong pinili para sa naratibo kung saan laksa-laksa ang tagapagsalaysay na tauhan mula kay Arnold D. Gracia, Vic Pacheco, Lieutenant Sabaybunot, Egret, Cynthia Tongio, Japz, Milorad Pavic, Suparman Nasution, Bogart Versoza, at iba pa. Maaaring ipagpalagay ng isang mambabasa na humalaw itong si Mendoza ng mabigat na impluwensiya mula sa estilo ni Roberto Bolaño, subalit makikita ang malaking kaibahan ng substansya nito sa mga isyung panlipunan at pangkasaysayang kaniyang sinaliksik upang maitanghal maigi ang katotohanan mag-isip at kumilos ng kaniyang mga karakter. Ang resulta'y hindi sintetiko ang kultura at mga dayalogo nito sa nobelang Pilipino. Nariyan ang mga binuo niyang karakter tulad ng sundalo, imbestigador, heneral, lumpen, gangster, adik, asawa ng lieutenant, asawa ng heneral, alalay ng presidente, manunulat, kritiko at marami pang iba. At lahat ng ito ay napagsalita ni Mendoza sa anyo ng unang panauhan na parang nakikinig lamang talaga ang mambabasa sa kanilang mga testimonya at daloy ng pag-iisip na para bang hindi ka rin nagbabasa ng libro.

Kung tutuusi'y kauna-unahan sa bansa ang ganitong akda ni Mendoza na ipinagsasanib na rin sa iisang trabaho ang nobela ng mga ideya at detective novel. Iba na ito, halimbawa, sa nobela nina Norman Wilwayco (*Gerilya*, 2008) at Eros Atalia (*Tatlong Gabi, Tatlong Araw*, 2013). Nagbubukas agad sa mga mambabasa ang nobela ni Mendoza nang mga posibleng debate at talakayan sa panitikan matapos basahin ang kanyang *Aklat Ng Mga Naiwan*. Tanong nga ng iskolar at nobelistang si Ramon Guillermo sa kaniyang introduksyon dito, "Nobela rin kaya ang akda ni Mendoza? Baka hindi naman ito nobela? Baka sa katunaya'y kritisismong pampanitikan ito ng piksyonalisadong piksyon?" (8).

Pinatutunayan ng mga paghahalimbawang ito na hanggang sa dalawang akdang pinakahuling inilarawan, mahihiwatigan ang pulitikal na pagmamalay ng mga awtor sa pagkakaugnay ng kanilang ginagawa sa mga

umiiral na relasyong pangkapangyarihan at kultura sa mga establisimyentong pampanitikan na kung tutuusi'y sangkot din sa katiwalian at karahasan. Mula rito ay mapapansin sa parehong manunulat ang mga bagong target na inilalantad ng kanilang pluma: una, ang mga reaksyonaryong intelektwal na nakasuksok sa bulsa ng kasalukuyang estado-poder, at pangalawa ang nagkukubling pasismo sa mga sining. Bukod rin sa mga agendang ideolohikal at politikal, makikitang nakikibahagi ang mga manunulat na ito sa pagigiit ng mga bagong praxis laban sa mga ipinagpapalagay nilang lipas (ngunit nakapamamayani pa ring panuntunan) para makapagpasulpot ng naiibang tinig at sariwang perspektiba na maihahalintulad natin sa ginawang pagkilos ng mga kabataan at aktibistang manunulat noong 1935 at 1971.

Ngayon mas mauuunawaan na mula sa kasaysayan at ugnayan ng mga nagkikiskisang moda ng panulat sa Pilipinas sa paglipas ng mga dekada, malinaw nating mailalantad na ang usapin ng "umuusbong na panitikan" ay laging may mahigpit na kinalaman sa mga proseso at pagtinging ang isang panig o anyo ng pagkatha ay nasusupil/kinukulang habang ang isa nama'y nakapangingibabaw/lumalabis. Kabahagi rito, siyempre, ang pagsulpot ng Peministang Panitikan na lumaban sa hegemoniya ng sexismo at patriyarka, at gayun din para sa napuna kanina ni Edel Garcellano ukol sa pag-usbong ng Gay Literature noon sa UP Diliman 'di lamang upang hamunin ang patriyarka, kundi pati na rin ilantad ang heterosexismo na marahil ay hindi agad nakita dati ng mga peminista. Palalakasin lahat ng mga paghahalimbawang ito ang dalawang tisis na inilalatag sa papel na ito para sabihing una, palaging markado ng tunggalian ang konsepto ng umuusbong na panitikan. Hindi ito parang isang magandang hardin na natural lamang na tinutubuan ng mga bulaklak at halaman, at saka sasabihing "umuusbong" ang mga ito. Sa halip ay maaari itong tignan bilang isang proseso o sistema ng tuloy-tuloy na mga pagtatagisan, sapagkat ang isang posisyong naglalatag ng diskurso ay laging may katapat na kontra-diskurso, at ang umpugan nila

ay ang nagluluwal sa mga mas bago at mauunlad na pagtingin, posisyon, o balangkas. Permanenteng ideological battleground itong yunit ng pagbibigay-kahulugan sa umuusbong na panitikan habang hati-hati sa magkakaibang interes at walang pagkakapantay-pantay ang mga tao sa lipunan. Pangalawa, maiuugat lagi ang tinatawag na umuusbong na panitikan, hindi lamang sa pagpupunyagi ng isang indibidwal na manunulat na gumagawa ng pagbabago sa panulatan, kundi sa buong kasaysayan at karanasan ng mga kolektibong produksyon ng bawat kilusang pampanitikan na nagsusulong ng transpormasyon, at paminsan-minsa'y lumiligalig sa nakamihasnan nating diskurso. Bukod dito'y sekundaryo na lamang ang iba pa.

**Mga Tala**

1. Nais kong bigyan ng diin dito na ang layunin ng pagsipi sa pahayag ni Edel Garcellano ay ang pagpapakita sa proseso kung paano nagiging pulitikal at ideolohikal na gawain ang pagbibigay-kahulugan sa umuusbong na panitikan. Walang intensyon ang pananaliksik na ito na mamahiya at gumawa ng di-pagkakaunawaan sa komunidad ng LGBTQ+.
2. Binanggit ito ni Ricky Lee sa akin ilang minuto bago magsimula ang kaniyang Prof. Chair Lecture sa PUP noong December 2019. Tinanong ko siya ukol sa mga naging pagtingin ng ilang kasama sa kaniya nang ilabas niya ang "Kabilang sa mga Nawawala" noong 1988.
3. Tingnan sa https://plumaatpapel.wordpress.com/2008/03/23/78/.
4. Naging guro ko si Rogelio Ordoñez sa MA Filipino noong 2010-2011. Isang subject ko sa kaniya ang Panitikang Mapanghimagsik. Dito niya naisalaysay, bilang bahagi ng paksang pinag-uuspaan, ang dahilan sa paglikha niya ng akdang "Ang Mundo sa Paningin ng Isang ...."

5. Tingnan sa Nacino, Joseph F. http://panitikan.ph/2015/08/20/an-overview-of-philippine-speculative-fiction/.
6. Tingnan sa The Sugilanon of Epefania's Heartbreak | Philippine Speculative Fiction Sampler.
7. Tingnan sa The God Equation | Philippine Speculative Fiction Sampler.
8. Para sa iba pang mga katulad na akda, maaari ring tingnan si F.H. Batacan at ang kanyang nobelang *Smaller and Smaller Circles*. University of the Philippines Press 2002.
9. Tingnan sa *Waiting for Victory: Towards a Philippine Speculative Fiction* (2010) ni Anna Felicia Sanchez. Isang punto niya rito ang bigyang diin na ang spekulatibong elemento ng isang katha ay dapat maging ahensya rin ng panlipunan at pampanitikang transgresyon nang sa gayo'y lubos na makasangkapan sa representasyon ng karanasang Filipino, maging sa usapin man ng bansa, uri o kasarian: https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/jescl/article/view/3446/3180.

**Mga Sanggunian:**


Abueg, Erfen, Mirasol, Dominador, Ordonez, Rogelio, Reyes, Edgardo, Sikat, Rogelio. *Mga Agos sa Disyerto*, Quezon City: C & E Publishing, Inc., 2010.

Acuña, A. Regalado. "Mga Abstrak Na Parangal" sa *Entrada* Journal, Vol. II, Issue 2, 57-72, 2016.

Alfar, Dean Francis, ed. *Philippine Speculative Fiction Volume* 1. Pasig: Kestrel IMC, 2005.

Alfar, Dean Francis, ed. *Philippine Speculative Fiction Volume 2*. Pasig: Kestrel IMC, 2006.

Alfar, Dean Francis, Alfar Nikki, ed. *The Best of Philippine Speculative Fiction 2005-2010,* Quezon City: University of the Philippines Press, 2013.

Carreon-Laurel, Ma. Milagros … [et al.] *Sigwa: Isang Antolohiya ng Maiikling Kuwento,* Quezon City: University of the Philippines Press, 2007.

Garcellano, Edel. "Isang Panayam," Interventions, 249-257, Sta, Mesa, Manila: PUP Press, 1998.

Lee, Ricky. "Kabilang Sa Mga Nawawala," sa *Si Tatang at ang mga Himala ng Ating Panahon,* 198-210. Quezon City: Writers Studio, 2009.

Lumbera, Bienvenido. "Ang Pag-usbong ng Bago at ang Paglalatag ng Bagong Pamantayan," sa *Suri: Pag-arok sa Likhang-Panitik/Probing Literary Text,* 32-37. Quezon City: University of the Philippines Press, 2017.

Lumbera, Bienvenido. "Ang Bago sa Pagbabago: Paano Kinikilala ang Bago sa Panitikan, Kritisismo, at Pagtuturo?" sa *Suri: Pag-arok sa Likhang-Panitik/Probing Literary Text,* 38-42. Quezon City: University of the Philippines Press, 2017.

Magaling, Maricristh. "Istakan" sa Tolentino, Roland at Rodriguez, Rommel, mga editor, 47-53, *Kathang-Isip, Mga Kwentong Fantastiko.* Quezon City: Ateneo De Manila University Press, 2011.

Mendoza III, Amado. *Aklat ng mga Naiwan,* Manila: Balangiga Press, 2018.

Ordoñez, Elmer A. *Emergent Literature: Essays on Philippine Writing,* Quezon City: UP Press, 2001.

Ordoñez, Rogelio L. "Tungkulin ng Manunulat," sa *Saan Papunta Ang Mga Putok?* 1-4, Quezon City: UP Press, 1998.

Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan (PAKSA). "Ang Kasaysayan ng PAKSA," sa *Rebolusyonaryong Panunuring Masa sa Sining at Panitikan: Mga Dokumento ng 1971 ng PAKSA at NPAA,* 111-115. Sampaloc, Manila: Kalikasan Press, 1992.

Santos, Soliman A. "Pogi" sa Tolentino, Roland at Rodriguez, Rommel, mga editor, 34-40, *Kathang-Isip, Mga Kwentong Fantastiko*. Quezon City: Ateneo De Manila University Press, 2011.

Tolentino, Roland at Rodriguez, Rommel, mga editor, *Kathang-Isip, Mga Kwentong Fantastiko,* Quezon City: Ateneo De Manila University Press, 2011.

***Online***

Alfar, Dean Francis. *Q&A with Dean Francis Alfar on Philippine Speculative Fiction,* Q&A with Dean Francis Alfar on Philippine Speculative Fiction (fullybookedonline.com). Inakses noong Hunyo 2, 2021.

Casocot, Ian Rosales, The Suguilanon of Efipania's Heartbreak, https://philippinespeculativefiction.com/stories/the-sugilanon-of-epefanias-heartbreak-ian-rosales-casocot/. Inakses noong Mayo 5, 2021.

Co, Michael A R. *The God Equation,* https://philippinespeculativefiction.com/stories/the-god-equation-by-michael-a-r-co/. Inakses noong Mayo, 5, 2021.

Nacino, Joseph F. *An Overview of Philippine Speculative Fiction* http://panitikan.ph/2015/08/20/an-overview-of-philippine-speculative-fiction/ Inakses noong Hunyo 2, 2021.

Ordoñez, Rogelio L. *Ang Mundo sa Paningin ng Isang* …., https://plumaatpapel.wordpress.com/2008/03/23/78/. Inakses noong Hunyo 8, 2021.

Sanchez, Anna Felicia. *Waiting For Victory: Towards a Philippine Speculative Fiction,* https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/jescl/article/view/3446/3180. Inakses noong Hunyo 10, 2021.

Tan, Charles at Tijam, Mia. *Introduction*, https://philippinespeculativefiction.com/introduction/. Inakses noong Hunyo 2, 2021.